**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-2 NG MARSO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE................ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas................. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez................ Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat............. Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas.................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan..... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.................. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 049-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE DAY, TWO-COCK DERBY) SA IKA-6 NG MARSO, 1998, AYON SA KAHILINGAN NI G. ELISEO REYES NG SANTA CRUZ COCKPIT ARENA.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kahilingan ni G. Eliseo Reyes na makapagpasabong sa ika-6 ng Marso, 1998 sa Santa Cruz Cockpit Arena;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang bahagi ng kikitain nito ay iuukol sa pagsuporta sa gaganaping palarong pambayan sa taong ito, ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Libangan ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ito;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A.Villaseñor, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat at Angelito U. Limjuco at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na pagtibayin na makapagdaos ng pasabong (one day two-cock derby) sa ika- 6 ng Marso, 1998, ayon sa kahilingan ni G. Eliseo Reyes ng Santa Cruz Cockpit Arena.

**INIUUTOS :** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg.Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pinuno ng Pulisya, License Office at G. Eliseo Reyes, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE 3/6/98
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

ENRIQUE R. BAUTISTA
Bayan